



Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

**PIVOT 4A Learner's Material**  
**Ikatlong Markahan**  
**Unang Edisyon, 2021**

# **Edukasyon sa**

# **Pagpapakatao**

# **Ikalimang Baitang**

Job S. Zape, Jr.  
**PIVOT 4A SLMs Development Lead**

Beverly D. Sastrillo  
**Content Creator & Writer**

Philips T. Monterola & Myrasol D. Beltran  
**Internal Reviewer & Editor**

Vanessa A. Bautista  
**Language Reviewer**

Edita T. Olan  
**Content Reviewer**

Beverly D. Sastrillo & Michelle V. Anne Medillo  
**Layout Artist & Illustrator**

Jewel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno  
**Graphic Artist & Cover Designer**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON  
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

## **Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material**

### **Para sa Tagapagpadaloy**

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

### **Para sa Mag-aaral**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

## Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
<b>Panimula (Introduction)</b>	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
<b>Pagpapaunlad (Development)</b>	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
<b>Pakikipagpalihan (Engagement)</b>	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Ilangkop	
<b>Paglalatap (Assimilation)</b>	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

# Pagpapakita ng mga Kanais-nais na Kaugaliang Filipino

WEEK

1

I


Aralin

Ang mga Filipino ay maraming mga kanais-nais na kaugalian na hinahangaan ng ibang lahi. Saanman sulok ng mundo, kilala ang mga Filipino sa mga magagandang katangian at kaugaliang ito.

Sa nakaraang aralin ay natutuhan mo ang paggamit ng anumang teknolohiya upang magampanan nang buong husay ang anumang tungkulin sa programa o proyekto.

Ngayon naman ay iyong aalamin ang mga paraan upang maipakita ang mga kanais-nais na kaugaliang Filipino.

Suriin ang mga larawan. Nagpapakita ba ang mga ito ng mga kaugalian na mayroon ang isang Filipino? Ano-ano ang mga katangian na ipinakikita sa bawat larawan?



Tama! Makikita sa mga larawan ang iba't ibang kaugaliang na sumasalamín sa kanais-nais na katangian ng isang Filipino.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapakita ng mga kanais-nais na kaugaliang Filipino tulad ng pakikisama sa kapuwa, magiliw na pagtanggap sa panauhin gayundin ang bayanihan at palusong.



# D

Ang pagpapakita ng mga kanais–nais na kaugalian ay nakatutulong upang magkaroon ng mabuting ugnayan sa kapuwa. Ang magiliw na pagtanggap sa mga panauhin ay natutuhan ng mga Filipino sa mga ninuno bago pa man dumating ang mga dayuhan sa bansa. Gayundin ang pakikilahok sa bayanihan at palusong ay isa sa mga magagandang kaugalian na dapat pinagyayaman at isinasabuhay.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


## **Sama-samang Pagkilos Tungo sa Isang Layunin**

*ni: Beverly D. Sastrillo*

Isang araw, nagpatawag ng pagpupulong si Jessa, ang lider ng mga kabataan sa barangay, upang pag-usapan ang proyektong makatutulong sa pag-aaral ng mga kabataan. Inimbitahan niya ang kaniyang mga kagawad gayundin ang lahat ng kabilang sa Sangguniang Kabataan. Nang nalaman ni Brix ang tungkol sa pagpupulong kaagad siyang nagtungo sa **Barangay Hall** kung saan gaganapin ang pagpupulong.

Sinimulan ang pagpupulong nang dumating na ang lahat ng kabilang sa pagpupulong.

“Mga kasama, nagpatawag ako ng pagpupulong upang makabuo tayo ng proyekto na makatutulong sa pag-aaral ng mga kabataan dito sa ating barangay lalo na ngayong panahon ng pandemya,” sabi ni Jessa. “Ano sa inyong palagay ang higit na kailangan ng ating mga kabataan ngayon?” sunod niyang tanong.



“Dahil sa pandemya, kinailangan ng mga kabataan na hindi umalis sa kani-kaniyang tahanan upang sila ay mapangalagaan. Gayundin, sa ngayon ay marami ang nag-o-**online class** at kailangang makapag-**print** ng kanilang mga takdang-aralin. Sa palagay ko, makatutulong ang libreng pagpi-**print** upang hindi na gumastos sa **printing** ang ating mga kabataan,” pahayag ni Brix.

“Tama! Makakatulong nga iyon nang malaki at makakabawas sa gastusin ang kanilang mga magulang,” sabi ni Jess.

“Sang-ayon din ako sa kanilang suhestiyon,” ang sabi naman ni Jana.

“Maganda nga ang panukalang iyan upang makatulong tayo sa mga kabataan dito sa ating barangay. Makakatutulong din tayo upang mapadali ang kanilang pag-aaral. Maglalaan tayo ng badyet upang makabili ng **printer** na ilalagay natin dito sa **Barangay Hall** upang mas madaling magamit ng mga mangangailangan nito,” sabi ni Jessa.

“Oo, sang-ayon kami,” sabay-sabay na sagot ng mga dumalo sa pagpupulong.

Dahil sa naisip na proyekto ng Sangguniang Kabataan, hindi na kailangang gumastos ng mga mag-aaral sa pagpi-**print** ng kanilang mga takdang-aralin na kailangan sa paaralan.

Mga tanong:

1. Ano ang layunin ni Jessa sa pagtawag ng pagpupulong?
2. Ano-ano ang mga kanais-nais na kaugalian ang ipinakita ng bawat isa sa kuwento?
3. Paano nakabuo ng proyekto ang mga kabataan? Anong kaugalian ang ipinamalas ng bawat isa sa pagbuo nito?
4. Sa kasalukuyang panahon, nananatili pa rin ba ang mga kaugaliang ito sa mga Filipino? Patunayan.
5. Bilang isang batang Filipino, paano mo maipakikita ang mga kanais-nais na mga kaugaliang Filipino? Isa-isahin.

Likas sa mga Filipino ang mabuting pakikisama sa kapuwa kung saan mas nalilintang ang diwa ng pagtulong sa kapuwa. Ito ay tinatawag din ng mga Filipino na bayanihan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat sa bawat bilang ang salitang **Tama** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng kanais-nais na kaugaliang Filipino at salitang **Mali** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Dumating ang lola ni Andrea sa kanilang bahay. Kaagad niya itong pinapasok at binigyan ng maiinom.
2. Nakita ni Rey na abala sa paglilinis ng kanilang bakuran ang kaniyang mga kapatid. Sa halip na tumulong, nakipaglaro siya sa kaniyang mga kaibigan.



3. Ang pamilya nina Mang Lito ay nagbigay ng tulong para sa mga nasalanta ng nakaraang bagyo.
4. Tumulong sa paglilinis ng tabing kalsada si Riza bilang pakikiisa sa programang pangkalusugan ng barangay.
5. Binigyan ni Dylan ng pagkain ang kaniyang kalaro.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Paano mo maipakikita ang mga kanais-nais na kaugaliang Filipino bilang pagtugon sa ipinahahayag sa bawat isang sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Napansin mong tumutulo ang tubig mula sa sirang gripo na nasa harapan ng inyong bahay. Ano ang gagawin mo habang hindi pa dumarating ang mga magkukumpuni nito?
2. Nabalitaan mong maraming bahay sa kabilang barangay ang nasira dahil sa kalilipas lamang na bagyo. Ano ang gagawin mo?
3. Pauwi na ang iyong mga magulang. Nagbilin sila sa iyo na parating ang mga pinsan mo upang bumisita sa inyong tahanan. Ano ang gagawin mo?

**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Bilang isang Filipino, ang magiliw na \_\_\_\_\_ ng mga panauhin ay isa sa mga kanais-nais na mga kaugalian na nararapat paunlarin. Ito ay mabuting isabuhay araw-araw nang may ngiti at maluwig sa \_\_\_\_\_.

Ito ay may magandang epekto na dapat pagyamanin sapagkat ang pagpapakita ng mga kaugaliang Filipino ay isang susi upang magkaisa at makamit ang kabutihan ng \_\_\_\_\_.



kaugalian

kalooban

pagtanggap

lahat

# Pagpapamalas ng Pagkamalikhain

## WEEK

2

### I

## Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang mga paraan upang maipakita ang mga kanais-nais na kaugaliang Filipino tulad ng pakikisama sa kapuwa, bayanihan, at magiliw na pagtanggap sa mga panauhin.

Sa araling ito ay maipamamalas mo ang pagkamalikhain sa pagbuo ng mga sayaw, awit, at sining biswal gamit ang anumang **multimedia** o teknolohiya. Matutuhan mo rin kung paano mapananatili ang pagkamabuting mamamayang Filipino sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kaugnay na gawain.

Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba. Ano-ano ang mga kakayahang ipinapakita sa bawat larawan?



Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapamalas ng pagkamalikhain sa pagbuo ng mga sayaw, awit, at sining biswal gamit ang anumang **multimedia** o teknolohiya. Bilang isang batang Pinoy, inaasahan din na maisasagawa mo kung paano mapananatili ang pagkamabuting mamamayang Filipino sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kaugnay na gawain.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

## **Si Malic Malikhain**

ni: Myrasol D. Beltran

**“Like a small boat, in the ocean. Sending big waves into motion. Like how a single word, can make a heart open. I might only have one match, but I can make an explosion.”** Paulit-ulit na pinatutunog ni Malic ang kantang ito sa kaniyang **laptop** habang sinasabayan niya ng sayaw.

“Para saan ba iyan, anak? Kanina ko pa iyan nadidinig. Pati ako ay napapakanta sa kusina,” may pabirong wika ni Nanay Edz.

“Sasali po ako sa isang **online competition** na ibinahagi sa amin ng aming guro sa P.E.! Nasabi po ni Bb. Rasdas na kung sinuman po sa aming klase ang may kakayahan sa pag-awit ay maaaring sumali sa patimpalak. Layunin po raw nito na mapalakas ang loob ng ating magiging na **frontliners** sa pamamagitan ng pag-aalay ng awit o sayaw na may kaugnayan sa trabaho nila. Kaya hindi lamang po awit ang nais kong ipakita pati aking kakayahan sa pagsayaw,” may pagmamalaking saad ni Malic.

“Paano mo naman maipakikita ang iyong kakayahan?” nagtataakang tanong ng nanay niya. “Madali lang po “Nay! Gamit ang aking bagong **cellphone** na regalo ni Ate Lindsay noong Pasko ay magbi-**video** po ako. Pagkatapos, sa tulong ng mga **online applications** na **download** ko sa aking **laptop** ay mapapalabas ko ang aking pinagpaplanuhang **entry**. Sabik na nga po ako sa kalalabasan ng aking plano!” sunod-sunod na sabi ni Malic.

Buhat sa malikhaing isip at sa tulong ng **multimedia** nagkamit ng unang pwesto si Malic. Ngayon ay **viral** na sa **Youtube** ang kaniyang awit at sayaw.

Mga tanong:

1. Ano-ano ang mga kakayahang ipinamalas ni Malic sa kuwento?
2. Bakit sa iyong palagay ay “**Si Malic Malikhain**” ang pamagat ng kuwento?
3. Naipakita ba niya ang kaniyang pagiging malikhain sa patimpalak na kaniyang sinalihan? Pangatwiranan.
4. Paano nakatulong ang **multimedia** sa kaniyang pagsali sa patimpalak?
5. Bilang isang batang Pinoy, kaya mo rin bang gawin ang ginawa ni Malic? Kaya mo din bang maging malikhain sa pagpapamalas ng iyong natatanging kakayahan? Ipaliwanag.

Maraming paraan upang maipakita ang iyong natatanging kakayahan. Gamit ang iyong malikhaing pag-iisip at sa tulong ng makabagong teknolohiya ay maaari mong maipamamalas mo ang mga ito at maipagmalaki sa ibang tao. Sa pamamagitan din ng **multimedia**, maaari kang makalahok sa iba pang kaugnay na gawain kung saan maipakikita mo ang iyong angking kakayahan katulad ng sa pagsayaw, pag-awit, paggawa ng sining at marami pang iba.

Bilang isang batang Pinoy, ikaw ay pinaniniwalaan na malawak ang imahinasyon sa pagpapamalas ng iyong pagkamalikhain gamit ang **multimedia** o makabagong teknolohiya.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Kopyahin sa iyong sagutang papel ang **graphic organizer** na katulad ng nasa ibaba. Pagkatapos, magtala sa loob ng kahon ng mga talentong mayroon ka. Isulat ang mga paraan kung paano mo maipakikita ang iyong pagiging malikhain sa pagpapakita ng mga talentong ito gamit ang **multimedia** o teknolohiya.



## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang gawain sa pangungusap ay nagpapamalas ng pagkamalikhain sa pagbuo ng mga sayaw, awit, at sining. Ilagay naman ang ekis (✗) kung hindi.

1. Paggamit ng **Youtube Channel** sa pagpapakita ng binuong sayaw para sa **Performance Task** sa Edukasyong Pangkatawan.
2. Hindi panononod ng mga **videos** na maaring pagkunan ng mga ideya sa paggawa ng proyekto.
3. Paggawa ng **poster** gamit ang **application** sa **computer**.
4. Lalahok sa paligsahan sa pag-awit si Ramil gamit ang piyesang kaniyang isinulat. Matapos niyang mai**video** ay ipinadala niya ito sa **organizer** ng patimpalak bilang kaniyang **entry**.

5. Pinanood ni Mia ang **video** ng modernong sayaw na kanilang itatanghal sa **online orientation**. Mas natutuhan niya ang mga **dance steps** dahil sa panonood ng **video**.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, ipakita ang iyong natatanging kakayahan gamit ang iyong malikhaing pamamaraan. Pagkatapos, gamit ang anumang gadyet na mayroon ka, i-**video** ito at ipadala sa GC ng klase o **FB messenger** ng guro bilang patunay ng iyong awtput. Gawing gabay ang mga pamantayan sa ibaba.

<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>
<b>Pagkamalikhain sa Pagpapakita ng Natatanging Kakayahan</b>	Naging malikhain; Maayos at napakaganda ng awtput	Hindi gaanong kinakitaan ng pagkamalikhain ngunit maayos ang awtput	Hindi kinakitaan ng pagkamalikhain ang awtput
<b>Paggamit ng Multimedia o Teknolohiya</b>	May 2 o higit pang <b>multimedia</b> o teknolohiya ang ginamit sa awtput	May 1 <b>multimedia</b> o teknolohiya ang ginamit sa awtput	Walang ginamit na <b>multimedia</b> o teknolohiya sa awtput

## A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang bawat isa ay may angking \_\_\_\_\_ na bigay ng Diyos. Ang pagsayaw, pag-awit, at paglikha ng \_\_\_\_\_ ay ilan lamang sa mga kakayahang ito. Maaaring maipamamalas ang mga ito sa \_\_\_\_\_ paraan sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya o \_\_\_\_\_. Ang mga kakayahang ito ay dapat linangin at \_\_\_\_\_ bilang isang batang Pinoy na ipininagmamalaki ang anumang kakayahan na ipinagkaloob ng Diyos.



kakayahan    sining    malikhain    **multimedia**    paunlarin






## Pagsunod nang may Masusi at Matalinong Pagpapasiya para sa Kaligtasan

Bawat tao ay binigyan ng katalinuhan upang makapagpasiya hindi lamang para sa sarili kundi para sa kaligtasan ng nakararami. Sa kasalukuyan, maraming mga nangyayari sa kapaligiran ang hindi inaasahan at nangangailangan ng agarang aksiyon.

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo kung paano mo maipamamalas ang pagkamalikhain sa pagbuo ng sayaw, awit, at sining gamit ang **multimedia** o teknolohiya.

Sa araling ito, iyong matututuhan ang mga paraan upang makasunod sa mga paalala at alituntunin na dapat sundin nang may masusi at matalinong pagpapasiya upang maging ligtas.

Suriing mabuti ang mga larawan. Ano ang nais iparating na mensahe ng bawat larawan?



Ang mga kalamidad tulad ng lindol, pagsabog ng bulkan, bagyo, at at iba pa ay mga pangyayaring hindi maiiwasan ngunit maaaring mapaghandaan upang makaiwas ang bawat isa sa kapahamakan. Maaari maging ligtas ang lahat sa pamamagitan ng pagiging mahinahon at sa pagsasawa ng matalinong pagpapasiya sa oras ng sakuna at kalimidad.



# D

Gamit ang modernong teknolohiya, nagkakaroon ang bawat isa ng karagdagang kaalaman na makatutulong upang maging alerto at ligtas ang lahat sa anumang pagkakataon. Magiging ligtas ang bawat isa kung maisasagawa ang masusi at matalinong pagpapasiya. Ang bawat gawain ay may kalakip na paalala at alituntunin na dapat sundin nang may pag-iingat para sa kaligtasan.

## **Mga Paalala para sa Kaligtasan**

### **Kaligtasan sa Sunog**

1. Itago ang posporo at **lighter** sa lugar na hindi makikita at maaabot ng mga bata.
2. Sa tulong ng mga magulang o **guardian**, tanggalin sa saksakan ang mga **appliances** kung hindi ginagamit.
3. Ilayo ang nakasinding kandila sa mga bagay na madaling mag-apoy tulad ng kurtina.
4. Alamin ang numero ng istasyon ng bombero para sa madaliang paghingi ng tulong.
5. Kung sakaling magkaroon ng sunog, maging mahinahon, sikapng makalabas ng bahay at makalayo sa sunog.
6. Kung nasusunog ang iyong damit; huminto, dumapa, at gumulong hanggang sa mamatay ang apoy.



### **Kaligtasan sa Baha**

1. Maging alerto, magmasid sa pangyayari sa paligid, at makinig ng balita. Alamin ang mga bagong impormasyon tungkol sa bagyo.
2. Humanap ng mataas at ligtas na lugar.
3. Tiyaking may nakahandang **emergency supplies** at ang mga mahahalagang dokumento ay dapat nakalagay sa plastik at sa hindi mababasang lugar.

4. Maging alerto. Alamin ang lugar ng **evacuation center**.
5. Kapag pinayuhang lumikas, huwag mag-atubili at gawin ito sa pinakamadaling panahon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa iyong sagutang papel, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga dapat mong gawin upang maging ligtas sa sakuna tulad ng lindol at pagbaha?
2. Nakaranas ka na ba ng sakuna o kalamidad? Ano ang ginawa mo?
3. Ano-ano ang mga dapat mong tandaan upang manatiling ligtas mula sa epekto ng sakuna at kalamidad?
4. Bakit kinakailangang bigyan ng sapat at wastong kaalaman ang mga tao tungkol sa kaligtasan?
5. Paano nakatutulong ang masusi at matalinong pagpapasiya sa oras ng sakuna?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa iyong sagutang papel, iguhit ang hugis puso (♥) kung ang pahayag ay nagpapakita ng masusing pagpapasiya at matalinong pagsunod sa mga alituntuning pangkaligtasan. Iguhit naman hugis tatsulok (△) kung hindi.

1. Sumunod sa ipinag-uutos ng mga magulang upang hindi mapahamak sa panahon ng sakuna
2. Isumbong sa mga awtoridad ang mga nagtitinda ng mga malalaswang panoorin at babasahin.
3. Isipin lagi ang magiging epekto ng gagawing pagpapasiya.
4. Hingin ang gabay ng mga nakakatanda sa pagbubukas ng mga **website** upang maiwasan ang mga ipinagbabawal na palabas.
5. Makipagsiksikan sa maraming tao sakaling magkaroon ng hindi inaasahang sunog.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa iyong sagutang papel, isulat ang salitang **Tama** kung wasto ang ipinahahayag ng bawat bilang at salitang **Mali** naman kung hindi.


1. Pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan laban sa masasamang bisyo.
2. Paglabag sa **curfew hours** upang sumikat sa kinabibilangang pamayanan.
3. Pagwawalang-bahala sa balita tungkol sa paparating na bagyo at hayaang ang awtoridad na lamang ang magbigay ng impormasyon.
4. Pakikiisa sa mga gawaing pangkaligtasan upang maging ligtas sa anumang sakuna.
5. Pagpapasiya nang matalino lalo na sa panahon ng kalamidad para sa kabutihan ng lahat.

# A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Mahalagang sumunod nang may masusi at \_\_\_\_\_ pagpapasiya sa mga paalala sa anumang panoorin at babasahinn lalo na kung may sakuna o kalamidad. Sa paraang ito tayo ay makaiwas sa \_\_\_\_\_ at sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Tuwing may mga \_\_\_\_\_ tulad ng bagyo, lindol, sunog, at iba pa ay mahalagang sumunod sa mga \_\_\_\_\_ at mahalagang paalala ng awtoridad upang masigurado ang \_\_\_\_\_, anumang oras at saanman lugar.



kapahamakan

alituntunin

kalamidad

kaligtasan

matalinong

pagpapasiya

# Pagpapakita ng Pagiging Responsableng Tagapangalaga ng Kapaligiran

## Aralin

### I

Bawat tao ay may tungkulin at responsibilidad na nakaatang sa kaniyang mga balikat na kailangan niyang gawin at isakatuparan. Isa sa mga responsibilidad na ito ay ang pangalagaan ang kapaligiran

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan ang mga paraan upang makasunod sa mga paalala at alituntunin na dapat sundin nang may masusi at matalinong pagpapasiya para sa kaligtasan ng bawat isa.

Ngayon naman ay iyong matututuhan ang mga paraan ng pagpapakita ng mga magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran, pagkakaroon ng malasakit sa kapaligiran sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga programang pangkapaligiran, at pagiging **vigilant** o mapanuri sa mga ilegal na gawaing nakasisira sa kapaligiran.

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Tungkol saan kaya ang ipinakikita sa bawat larawan?



Sa pagtatapos ng aralin ay inaasahan na makapagpapakita ka ng mga magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran at pagiging **vigilant** o mapanuri sa mga ilegal na gawaing nakasisira rito.

# D

Ang pagiging **vigilant** o mapanuri sa mga pangyayaring ilegal sa ating kapaligiran ay isa rin sa mga responsibilidad ng mga mamamayang Filipino bilang tagapangalaga ng mundo. Ang pagiging sakim ng tao o pag-angkin ng mga bagay na sobra sa kaniyang pangangailangan ay nagdudulot ng kasamaan. Nagiging sanhi din ito ng pang-aabuso sa mga likas na yaman ng mundo.

Ilan sa mga responsibilidad o pananagutan ng mga Filipino sa kapaligiran ay ang mga sumusunod:

1. Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan
2. Pagpapanatiling malinis ng daluyan ng tubig
3. Pagtanim ng mga puno minsan sa isang taon
4. Pakikiisa sa mga programang pangkapaligiran sa pamayanan
5. Pagpapanatiling malinis ng paligid
6. Pagiging mapanuri sa mga nangyayari sa kapaligiran

Bawat isang mamamayan ay inaasahan ng lipunan na maging responsible sa pagtupad ng tungkulin bilang tagapangalaga ng kapaligiran. Malaki ang pakinabang na nakukuha ng mga tao sa kapaligiran kung kaya't nararapat lamang na magkaroon ng disiplina ang bawat isa upang mapaunlad at mapanatili ang yaman ng kapaligiran.

**Gawain sa Pagkatuto 1:** Ayusin ang mga titik sa bawat bilang upang makabuo ng salita o parirala na tumutukoy sa mga gawaing may masamang naidudulot sa kapaligiran. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. TPGAGMI GN MIANTADI \_\_\_\_\_
2. SOPAGTROTO \_\_\_\_\_
3. ANIMIMGAP \_\_\_\_\_
4. MUNGIMAR OSKU SA PABKIRA \_\_\_\_\_
5. NGINKAIPAGKA \_\_\_\_\_

**Gawain sa Pagkatuto 2:** Basahin at unawain ang maikling diyalogo. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel

**Ana:** Paano mo pinangalagaan ang ating kapaligiran, Denis?

**Denis:** Itinatapon ko ang aming mga basura sa tamang basurahan. Ibinubukod ko ang nabubulok sa di-nabubulok at ang napapakinabangan pa. Ikaw?

**Ana:** Tumutulong ako kay Nanay na maglinis ng aming paligid. Inaalagaan ko ang mga tanim ni Tatay. At katulad mo, hindi rin ako nagtatapon ng basura kung saan-saan lang.

Mga tanong:

1. Anong pag-uugali ang ipinapakita ng dalawang bata?
2. Paano nila pinahahalagaan ang kapaligiran?

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Gumuhit ng hugis bituin (★) sa patlang kung ang bawat pahayag ay nagpapakita ng pagiging mapagmatyag at mapanuri sa mga ilegal na gawain sa kapaligiran. Iguhit naman ang hugis buwan (☾) kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ipagbibigay-alam sa mga kinauukulan ang mga taong lumalabag sa batas na pangkalikasan
2. Bibigyang-halaga ang kabutihan ng nakararami kaya dapat iwasang sumali sa mga ilegal na gawain
3. Pangangalagaan ang kapaligiran bilang isang mabuting mamamayang Filipino.
4. Titingnan lamang ang mga nagtatapon ng basura sa ilog.
5. Makikiisa sa mga programang pangkapaligiran ng barangay.





# Pakikiisa nang may Kasiyahan sa Pagpapanatili ng Kapayapaan

## Aralin


### I

Karapatan ng isang mamamayan ang mabuhay nang malaya at payapa. Ito ay nasasaad sa Konstitusyon ng bansa. Isang pribilehiyo na kung saan ay may kalayaan gawin ang mga nais na hindi lumalabag sa karapatan ng ating kapuwa. Gayundin, bawat isa ay may karapatan sa malayang pakikiisa sa mga gawain na makapagpapanatili ng kapayapaan.

Sa nakaraang aralin ay natutuhan mo ang mga paraan ng pagpapakita ng mga magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran, at pagiging **vigilant** o mapanuri sa mga ilegal na gawaing nakasisira dito.

Ngayon naman ay malalaman mo ang mga paraan kung paano maipakikita ang pakikiisa nang may kasiyahan sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Suriin ang mga larawan. Ano-ano ang ipinakikita sa bawat larawan?



Ang pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan ay pagpapakita ng pagiging isang responsableng mamamayan. Naiiwasan ang kaguluhan at hindi pagkakaunawaan kung may pagkakaisa ang lahat.

Ang mga mamamayan na nagkakasundo sa iisang layunin na mapanatili at mapaunlad ang bansa ay nakapagbibigay ng isang mapayapa at maluwalhating pagsasamahan na nakapagpapanatili ng kasiyahan sa bawat isa.

# D

Basahin at unawain ang ibig ipakahulugan ng isang saknong na hango sa awiting “**Cotabato**” ng grupo ng mang-aawit na Asin.

Ano ang nais ipakahulugan ng saknong na ito? Paano makatutulong ang bawat isa sa pagpapanatili ng kapayapaan?

**“Prinsipyo mo’y igagalang ko  
Kung ako’y iyong nirespeto  
Kung nagtutulungan tayo  
Di sana magulo ang bayan ko.”**

Mapananatili ang kapayapaan kung pahahalagahan ang karapatan ng bawat indibidwal. Naipamamalas ang paggalang sa karapatang pantao sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapuwa na may kusang-loob at walang hinihintay na kapalit. Sa pamamagitan nito ay maipararamdam sa kapuwa ang pagmamahal, paggalang, at pagpapahalaga sa kanila.

Ang pakikinig sa opinyon o kuro-kuro ng bawat isa ay pagpapakita rin ng paggalang bilang mga mamamayan na nakatira sa isang demokratikong bansa. May kalayaang magpahayag ng sariling opinyon maging ito man ay sang-ayon o taliwas sa kaisipan ng nakararami.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang bawat pahayag. Isulat ang salitang **TAMA** kung ang bawat isa ay nagpapahayag ng pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan upang mapanatili ang kapayapaan. Isulat naman ang salitang **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nakikinig sa panukala ng kapitan ng barangay na bawal lumabas ng bahay ang mga kabataang may edad na labimpito (17) pababa.
2. Nakikisali sa usapan ng mga matatanda kahit hindi hinihingi ang opinyon.

3. Sumasagot sa isang pagpupulong kahit walang ibinibigay na pahintulot ang lider.
4. Tinatanggap ang suhestiyon ng bawat miyembro ng organisasyon
5. Pinakikinggan ang komento ng kapuwa mag-aaral sa ginawang pag-uulat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at unawain ang bawat pahayag. Sa iyong sagutang papel, iguhit ang hugis puso (♥) sa bawat bilang kung ito ay nagsasaad ng pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan. Iguhit naman ang hugis bilog (○) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nakikilahok sa gawaing pang-**scouting**
2. Nagpapahayag ng sariling kuro-kuro
3. Nagpapasimula ng hindi pagsang-ayon sa isang usapan
4. Nakikilahok sa programa ng pamahalaan ukol sa kapayapaan tulad ng **Earth Hour**
5. Nagbabalita sa mga kaibigan ng walang katotohanan

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Kumatha ng isang **jingle** na nagpapahayag ng paggalang o pagrespeto sa opinyon o saloobin ng ibang tao na nagiging daan sa pagpapanatili ng kapayapaan. Maaaring i-**video** o i-**record** ang aktwal na awtput at ipadala sa guro sa pamamagitan ng **Facebook Messenger** o **Group Chat** ng klase. Gawing gabay ang rubriks sa ibaba.

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>
Naglalaman ng komprehensibo, tumpak at may kalidad na detalye	5
Sapat, malinaw at maayos ang detalye	4
May nilalaman ngunit kulang ng detalye	3
Hindi maayos at hindi maunawaan ang detalye	2
Walang malinaw na detalye	1

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang pahayag ay nagpapakita ng pakikiisa sa programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa kapayapaan at ekis (✗) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Humingi ng pahintulot sa kapuwa bago gumalaw o kumuha ng kagamitan ng iba.
2. Pakialaman ang personal na gamit ng iyong kasama sa bahay man o paaralan.
3. Buksan ang sulat na hindi sa iyo kapag walang nakakakita.
4. Kontrahin kaagad ang opinyon ng iyong kapuwa.
5. Pakinggan ang opinyon ng iba bilang paggalang sa karapatang pantao.


## A

Bilang pangwakas masasabi mo na:

Mahalaga ang pagsunod sa batas bilang pakikiisa sa \_\_\_\_\_ ng pamahalaan na may kaugnayan sa kapayapaan. Inaasahan ang pagiging responsible ng bawat mamamayan sa pakikiisa sa mga programang ito.

Ang \_\_\_\_\_ sa karapatang pantao ay naipakikita sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapuwa.

Gayundin, mahalaga ang paggalang sa \_\_\_\_\_ ng kapuwa upang mapanatili ang kapayapaan at magandang ugnayan ng bawat mamamayang Filipino.



opinyon

pagmamahal

paggalang

programa

## Paglahok sa Pangangampanya sa Pagpapatupad ng mga Batas


### Aralin

Bawat isa ay may tungkulin sa bansa. Isa na rito ay ang pagsunod at paglahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng lahat.

Natutuhan mo sa nakaraang aralin kung paano maipakikita ang pakikiisa nang may kasiyahan sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Ngayon naman, matututuhan mo ang mga paraan upang makalahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng iba't ibang batas na makabubuti sa lahat.

Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba. Ano-ano ang mga ipinapakita sa mga larawan? Ano-anong mga katangian ang makikita sa bawat larawan?



Mahusay! Makikita sa mga larawan ang pakikiisa at pagsuporta ng mga batang katulad mo sa mga batas na ipinatutupad sa bansa. Ang pagiging responsable ng bawat isa ay nagpapakita ng paglahok sa pangangampanya para sa pagpapatupad ng batas.

Mahalaga na magkaroon ng disiplina ang bawat isa sa paglahok sa anumang kampanya sa pagpapatupad ng batas para sa pambansang kapayapaan at kaayusan ng mga mamamayang naninirahan dito.



# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga sumunod na tanong tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

## **Makilahok Kami!**

ni: Beverly D. Sastrillo

Nagpatawag ng **online** na pagpupulong sa mga mag-aaral si Bb. Reyes. Ang pagpupulong ay naglalayong hikayatin ang pakikilisa ng bawat isa para sa ilulunsad na programa. Ito ay may kaugnayan sa pagkampanya sa mga mag-aaral bilang pakikiisa sa pagpapatupad ng mga batas para sa paaralan.

**Bb. Reyes:** Nagpatawag ako ng pagpupulong na ito upang pag-usapan kung ano ang maiiambag natin para sa programang inihanda ng ating **Supreme Pupil Government (SPG)** bilang pakikiisa sa kampanya para sa kapayapaan at pagpapatupad ng batas para sa ating paaralan. Lingid sa bawat isa sa inyo ang mga nagaganap sa ating kapaligiran ngayon. Kaya naman naghanda ng iba't ibang paligsahan ang pamunuan ng SPG tulad ng paggawa ng **poster**, paggawa ng islogan, **jingle** at malikhaing sayaw para sa kampanyang ito.

**Ria:** Bilang presidente po ng ating klase, pangungunahan ko po ang paglahok sa paggawa ng islogan na may kaugnayan sa pagsunod sa mga batas hindi lamang ng paaralan maging ng pamayanan.

**Bb. Reyes:** Mahusay! Ako ay natutuwa sapagkat isa kang responsableng tagapamuno ng klase.

**Kris:** Ako din po! Sasali po ako sa paggawa ng **poster**.

**Ramil:** Ako naman po ay lalahok sa paggawa ng **jingle**. Bukod sa maipakikita ko ang aking talento, maipababatid ko din ang sa mga mag-aaral na tulad ko ang mga kabutihang dulot ng pagsunod sa batas.

**Brix at Jear:** Kami naman po ang lalahok sa malikhaing sayaw. Masayang pahayag ng dalawa.

**Bb. Reyes:** Maraming salamat sa inyo mga bata! Hindi hadlang ang inyong murang edad upang makilahok at makiisa sa pagpapatupad ng batas para sa kabutihan ng lahat. Tapos na ang ating pagpupulong at aasahan ko ang inyong suporta at pakikiisa.

**Mga mag-aaral:** Opo, ma'am! Makikilahok po kami!

Masayang natapos ang pagpupulong na bitbit ang pag-asa na bawat isa sa kanila. Sila ay may maiaambag para sa kabutihan ng lahat gayundin sa kaayusan at kapayapaan ng kanilang mahal na paaralan.

Mga tanong:

1. Ano ang paksa ng pagpupulong ni Bb. Reyes?
2. Sinang-ayunan ba ng lahat ang paglahok sa programa?
3. Paaano naipakita ng mga bata ang kanilang pakikilahok sa programa ng SPG?
4. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pag-iisip ng mga programang katulad ng nabanggit sa kuwento?
5. Bilang mag-aaral, paano mo maipakikita ang iyong paglahok sa pagpapatupad ng batas para sa kabutihan ng lahat?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa iyong sagutang papel, iguhit ang masayang mukha (☺) kung ang bawat bilang ay nagpapahayag ng paglahok sa kampanya para sa pangkalinisan, pangkaligtasan, pangkalusugan, pangkapayapaan, at pangkalikasan. Iguhit naman ang malungkot na mukha (☹) kung hindi.

1. Agad na pagkonsulta sa pinakamalapit na **health center** kung may sintomas tulad ng lagnat, ubo o sipon.
2. Pagsusunog ng basura.
3. Hindi lumalabas ng tahanan kapag sumapit na ang **curfew hours**.
4. Pagroronda ng mga tanod tuwing gabi para sa kaligtasan ng mga mamamayan.
5. Pagsuway ng mga kabataan sa mga ipinatutupad na programa ng pamahalaan.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) sa bawat bilang kung nagpapakita ng paglahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng iba't ibang batas na makabubuti sa lahat at ekis (✗) naman kung hindi.

1. Labanan at sugpuin ang paglaganap ng droga sa lipunan
2. Makilahok sa paggawa ng mga poster tungkol sa pangangampanya sa pangkalusugan
3. Maging pabaya sa mga nangyayari sa iyong paligid
4. Ang bawat kabataan ay dapat maging mapanuri sa grupong kinabibilangan.
5. Ang bawat kabataan ay dapat makilahok sa pangangalaga ng kalikasan.

# A

Bilang pangwakas masasabi mo na:

Ang bawat mamamayan ay mayroong \_\_\_\_\_ at kalayaan. Kalakip nito ang mga \_\_\_\_\_ o responsibilidad. Isa sa mga ito ay ang pagsunod sa mga alituntunin at \_\_\_\_\_. Ang epektibong pagsasakatuparan ng mga batas pangkalinisan, pangkaligtasan, pangkalusugan, pangkapayapaan, at \_\_\_\_\_ ay nangangailangan ng masusing pagpapahalaga sa \_\_\_\_\_ tungo sa ikabubuti ng lahat.



batas

tungkulin

karapatan

pangkalikasan

pandaigdigang pagkakaisa


# Paggawa ng Isang Proyekto Gamit ang Iba't ibang Multimedia at Technology Tools

Aralin

Malaki ang naging kontribusyon ng **multimedia** sa kasalukuyan. Sa lahat ng ating gawain, ang iba't ibang teknolohiya ang ginagamit upang mapabilis ang mga gawain. Nagkakaroon ng komunikasyon sa iba't ibang panig ng mundo gamit ang teknolohiya. Dahil dito, nagiging iisa ang sistema ng mundo at sa bawat galaw, bawat pagbabago, ang lahat ay apektado bagama't hindi napapansin.

Sa araling ito, malilinig ang iyong kaalaman upang makagawa ng isang proyekto gamit ang iba't ibang **multimedia** at **technology tools** sa pagpapatupad ng mga batas sa kalinisan, kaligtasan, kalusugan, at kapayapaan. Gayundin, iyong malalaman ang mga paraan kung paano makikiisa nang buong katapatan sa mga gawaing makatutulong sa bansa at daigdig.

Suriing mabuti ang mga larawan. Ano ang ipinakikita sa mga larawan?



Sa makabagong panahon na may iba't ibang uri ng teknolohiya na ginagamit ang bawat isa, napadadali ang mga gawain at ang pagpapatupad ng anumang proyekto.

Mula sa iba't ibang **multimedia** at **technology tools** ay nagiging malawak ang abot ng konsepto ng pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng bawat isang mamamayan.

# D

Basahin at unawain ang mahalagang konsepto sa ibaba.

Ang **computer, internet, compact disc, camera** at marami pang iba ay halimbawa ng mga **multimedia** at **technology tools** na kasalukuyang ginagamit at tunay na nakapag-aambag ng isang makabuluhang proyekto para sa bansa at sa mga mamamayan. Sa pamamagitan ng mga ito ay maipakikita ang pakikiisa sa mga gawaing makatutulong sa bansa at maging sa buong daigdig katulad ng pagpapatupad ng mga batas at paglalayong mapasunod ang bawat mamamayan.

Nagiging mabilis ang pagkalat ng mga mahahalagang impormasyon sa bansa dahil sa makabagong teknolohiya kaya't ang pag-unlad ay hindi kataka-taka saanman dako ng bansa.

Madaling naipababatid sa mga mamamayan ang mga proyekto at programa gamit ang iba't ibang **technology tools**.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang bawat pahayag. Isulat ang salitang **TAMA** kung ang bawat bilang ay nagpapahayag ng paggamit ng iba't ibang **multimedia** at **technology tools** sa pagpapatupad ng mga batas. Isulat naman ang salitang **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Paggawa ng maikling **video** na nagpapakita ng mga paraan sa wastong pagre**recycle** ng basura.
2. Pag-**upload** sa **internet** ng mga larawan ng mga nag-aaway sa barangay.
3. Paggawa ng **FB page** na sumusuporta sa mga programang pangkalusugan ng pamahalaan.
4. Pagwawalang bahala sa mga ipinapatupad na alituntunin sa paaralan.
5. Paggawa ng poster ng wastong paghuhugas ng kamay gamit ang aplikasyon sa **computer**.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at unawain ang impormasyon sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

**Ang Tunay na Diwa ng Pagkakaisa**

ni: Myrasol D. Beltran

Maraming pagkakataon ang mga Filipino ay sinubok,  
iba't ibang suliranin at matitinding dagok,  
pagbaha, paglindol at pagsabog ng bulkan,  
na siyang nagparamdam ng matinding kalungkutan.

Pag-asa'y unti-unti at manaka-nakang nabawasan,  
iisang saloobin ang dinamdam ng karamihan,  
nariyan ang pagsuko at paglisan sa mundo,  
lalo na ng nagkapandemya, takot ay naging buo.

Ngunit ika nga ng karamihan, bawal ang sumuko,  
kailangang lumaban at huwag magpatukso,  
isipin ang bayan, ang bansa at daigdig,  
yaong pagkakaisa ang nararapat manaig.

Kaya't sa tulong at gabay ng Poong Maykapal,  
kapit-bisig, tulong-tulong sa pagdarasal,  
ang mga Filipino tumayo at nagsikap,  
nilabanan ang lungkot, problema ay hinarap.

Yaring pagkakaisa ang siyang pinairal,  
pagdamay sa kapuwa ang waring inasal,  
pagtulong, pagsulong ng mga gawain,  
na nagpapanumbalik sa lahat ng mithiin.

Tunay nga ang diwa ng pagkakaisa,  
ay napakahalaga para sa bawat isa,  
anumang pagsubok ay nalalampanan,  
ng mga Filipinong tatak ay kabutihan.

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang tula na iyong binasa?
2. Nakuha mo ba ang mensahe nito? Ano ang nais ipahiwatig ng tula?
3. Ano ang kaugnayan ng pamagat ng tula sa mga suliranin na kinakaharap ng mga Filipino? Isa-isahin.
4. Batay sa tula, sa paanong paraan maipakikita ang pakikiisa?
5. Ikaw bilang isang batang Filipino, paano mo maipakikita ang iyong pakikiisa sa mga suliranin na kinakaharap ng bansa?



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) sa patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita pakikiisa nang buong tapat sa mga gawaing nakatutulong sa bansa at daigdig at ekis (✗) naman kung hindi.

1. Ang pakikiisa nang buong tapat sa mga programa at gawain ng pamahalaan ay nakakatulong sa pag-unlad ng bayan.
2. Hindi dapat nakikiisa sa mga gawain ng pamahalaan ang mga mag-aaral sapagkat sila ay bata pa.
3. Tungkulin ng bawat isa ang tumulong at makiisa sa mga gawaing ipinapatupad ng pamahalaan sapagkat ito ay may malaking maitutulong sa bansa.
4. Walang magandang resulta ang pagtulong sa anumang gawain.
5. Maging responsible sa mga gawain na may malaking epekto sa kinabibilangang pamayanan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Sa iyong sagutang papel, iguhit ang masayang mukha (☺) kung wasto ang isinasaad ng bawat kalagayan at malungkot na mukha (☹) kung di-wasto.


1. Madaling maipapaalam ang mga programang makatutulong sa kaunlaran ng bansa sa pamamagitan ng paggamit ng **technology tools**.
2. Iwasan ang pakikilahok sa mga programa ng pamahalaan upang makaiwas sa **stress**.
3. Makiisa sa “**Clean and Green Program**” ng barangay sa pamamagitan ng pagpo-**post** ng larawan na may kaugnayan dito.
4. Magmungkahi sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga suhestiyon para sa ikauunlad ng proyekto ng ibang tao para sa kaunlaran ng bansa gamit ang **Facebook**.
5. Magpahayag ng mapanirang komento tungkol sa programang pangkalusugan ng pamahalaan gamit ang **video**.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang tsart. Sa tulong ng iyong mga magulang o **guardian**, magsagawa ng pananaliksik o pakikipanayam tungkol sa mga proyektong nabuo sa inyong bayan. Magtala lamang ng isa o dalawang proyekto. Isulat sa unang kolum ang proyekto at sa ikalawang kolum naman ay ang **technology tool** na maaari mong gamitin upang maipabatid sa mga mamamayan ang tungkol sa proyektong ito.

<b>Proyektong Nabuo para sa Kaunlaran Ng Bayan</b>	<b>Technology Tools na Gagamitin upang Maipabatid sa Mamamayan</b>

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Batay sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 at sa tulong at gabay ng magulang o **guardian**, magtala ng limang (5) paraan kung paano mo maipakikita at ng iyong pamilya ang pakikiisa sa proyektong nabuo sa inyong bayan. Gawing gabay ang dayagram sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sa tulong ng magulang o **guardian**, lumikha ng isang tula, rap, o **spoken poetry** na tumatalakay sa mga gawain na nakatutulong sa pagpapatupad ng mga batas sa bansa at daigdig. Gamit ang anumang gadyet o **technology tools** na mayroon sa inyong tahanan, i-**video** o i-**record** ang paglalahad ng iyong awtput. Ipadadala ito sa guro sa pamamagitan ng **facebook messenger** o **group chat** ng klase sa petsa at oras na itatakda. Gawing gabay ang rubriks sa ibaba.

<b>Puntos</b>	<b>Mensahe</b>	<b>Organisasyon</b>	<b>Anyo</b>
<b>10</b>	Malinaw na nailahad ng mensahe	Maayos na naipahayag ang diwa ng gawain	Maayos ang presentasyon ng awtput
<b>9-7</b>	May bahagi na hindi malinaw ang mensahe	May ilang bahagi na hindi naipahayag ang diwa ng gawain	Hindi gaanong maayos ang presentasyon ng awtput
<b>6-5</b>	Walang malinaw na mensahe	Hindi naipahayag ang diwa ng gawain	Hindi maayos ang presentasyon ng awtput

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Lagyan ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang **multimedia** at **technology tools** ay naging makabuluhan sa pagsasagawa ng mga proyekto at kung dahil sa mga ito ay naipakita ang pakikiisa sa mga gawain. Lagyan naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang Proyektong KNP (**Kabataang Nagkakaisa sa Paglilinis**) ay napalaganap sa tulong ng isang **Facebook Page** kung kaya't ang mga kabataan ay tumulong sa malawakang paglilinis.

2. Sumulat ang grupo ng mga kabataan sa kanilang kapitan at ipinadala sa **FB messenger** para ipagbigay-alam ang gagawing Paliga ng Barangay na naglalayong makabuo ng pagkakapatiran ang mga kabataan.
3. Ipinalabas ang isang **video presentation** sa **Barangay Hall** na naglalayong maturuan ang mga mamamayan ng tamang paghuhugas ng kamay bilang pakikiisa sa **World Hand Washing Day 2021**.
4. Gamit ang lapis at papel ay nakagawa ng isang islogan si Savh para mahikayat niyang makiisa ang kaniyang kapuwa mag-aaral na maging ligtas sa panahon ng sakuna at kalimidad.
5. Sa pamamagitan ng **cellphone** at **laptop** ay naipatupad ang **Project SEND (Sending Entries for National Development)** na may layuning maipadala lahat ng patunay o katibayan ng pakikiisa ng mga mamamayan sa mga gawain na may kinalaman sa pambansang pag-unlad.

## A

Bilang pangwakas masasabi mo na:

Ang teknolohiya ay tunay na nakapag-aambag ng mabilisang pagpapahatid ng mga \_\_\_\_\_ sa tulong ng **multimedia** at iba't ibang \_\_\_\_\_, gaya ng **computer**, **internet**, **compact disc**, **camera** at marami pang iba, maaari tayong makapag-ambag ng isang makabuluhang \_\_\_\_\_ at mapalaganap ang pagpapatupad nito sa ating kapuwa. Dahil din sa mga ito, mapapataas natin ang \_\_\_\_\_ at interaksyon ng mga tao sa mga bagay na dapat ginagawa natin para sa ating bansa kasabay ng makabagong teknolohiya.



impormasyon


**technology tools**

makabagong

proyekto

partisipasyon

teknolohiya



# Susi sa Pagwawasto

Week 1	
5. Tama	
4. Tama	
3. Tama	
2. Mali	
1. Tama	
<b>Bilang 2</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

Week 2	
5. ✓	
4. ✗	
3. ✓	
2. ✗	
1. ✗	
<b>Bilang 3</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

Week 3	
5. Tama	
4. Tama	
3. Mali	
2. Mali	
1. Tama	
<b>Bilang 3</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	
<b>Bilang 2</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

Week 4	
5. pagkakaingin	5. ✗
4. pabrka	4. ☾
3. pagmima	3. ✗
2. pagtoroso	2. ✗
1. paggamit ng dinamita	1. ✗
<b>Bilang 1</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	
<b>Bilang 3</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

Week 5	
5. Tama	5. ○
4. Tama	4. ▲
3. Mali	3. ○
2. Mali	2. ▼
1. Tama	1. ▲
<b>Bilang 1</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	
<b>Bilang 2</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

Week 6	
5. ☹	5. ✓
4. ☹	4. ✓
3. ☹	3. ✗
2. ☹	2. ✓
1. ☹	1. ✓
<b>Bilang 2</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	
<b>Bilang 3</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

5. ✓	
4. ✗	
3. ✗	
2. ✗	
1. ✓	
<b>Bilang 4</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

## Weeks 7-8

5. Tama	
4. Mali	
3. Tama	
2. Mali	
1. Tama	
<b>Bilang 1</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

5. ✓	
4. ✗	
3. ✓	
2. ✗	
1. ✓	
<b>Bilang 3</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

5. ☹	
4. ☹	
3. ☹	
2. ☹	
1. ☹	
<b>Bilang 4</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

5. ✓	
4. ✗	
3. ✓	
2. ✓	
1. ✓	
<b>Bilang 8</b>	
<b>Gawain sa Pagkatuto</b>	

# PIVOT Assessment Card for Learners

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.





## Sanggunian

---

Edukasyon sa Pagpapakatao Ikalimang Baitang (Kagamitan ng mag-aaral). Unang Edisyon. Pasig City, Philippines: Department of Education Instructional Materials Council Secretariat (DepEd IMCS).

Department of Education. (2020). K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes. Pasig City: Department of Education.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

